1

"Jaworski?" kunot-noong ulit ni Tiara sa pangalang binanggit ni Marinette, isa sa editorial staff ng *Love Gems Publishing, Inc*. o *LGP*.

"Uh-huh, si Jao," sagot nito, itinuro pa ang initial na J na nakakubli sa artwork sa cover ng bagong published na nobela niya. "Siya ang gumuhit ng cover mo."

Isa sa mga contacts niya si Jaworski 'Jao' Montalban sa kanyang *Twitter* account kasama na ang mga writers and staff ng *LGP*. At nang nagdaang araw, hindi niya napigilang mag-tweet ng kanyang sama ng loob.

WTF? Ba't ang pangit ng guy sa cover ng new book ko? Mukha siyang sinauna! Waah!

Actually, pinigil lang niya ang sariling huwag murahin ang sinumang gumuhit ng book cover na iyon.

Hindi pa niya personal na nakikilala ang Jao na ito. Ang alam niya ay kabilang ito sa mga creative artists ng *LGP* na ilang taon na rin nagtatrabaho roon. Hindi yata ito madalas mapunta sa office doon

gaya niya. Sa bahay nito sa Rizal ang pinakaopisina nito since freelance artist daw ito. Siya naman ay ipinapadala through emails ang mga manuscripts, through direct deposit din ang pagbabayad sa kanya. Nagpupunta lamang siya sa office kung pinapatawag siya ng mga editors niya o kung may personal siyang itatanong o isasangguni at kung may ipi-pick-up siyang complimentary copies gaya ngayon. Hindi rin siya uma-attend sa mga company parties.

Limang taon na siyang contract writer ng *LGP*. Nagsimula siyang magsulat sa horror genre. At doon siya lubos na nakilala ng maraming mambabasang Pilipino. Kailan lang siya sumubok na magsulat ng romance. Na-challenge kasi siya sa hamon ng kaibigang manunulat din na si Naya. Kantyaw nito ay ang manakot lang ng mga mambabasa ang kaya niyang gawin. Well, she proved her wrong. May limang approved manuscripts na siya sa romance genre. Apat sa mga iyon ang published na and so far ay maganda naman ang acceptance ng mga readers niya. Although may mga nagsasabi rin na mag-stick na lang daw siya sa horror. Kulang daw kasi sa kilig factor ang mga romance novels niya.

Kilig factor? Ano pa bang klaseng pagkakilig ang hinihingi ng mga readers na iyon? Oras-oras ay naghahalikan ang mga characters niya? O eight pages

na steamy love scenes?

"Nas'an ba kasi si Sunday? Bakit hindi siya ang gumuhit ng book cover ko?" usisa pa niya kay Marinette.

"Loaded siya masyado ngayon dahil nira-rush niya lahat ng assignments niya bago siya magbakasyon-grande."

"Bakasyon?"

"Yup. Pupunta siya ng Norway next month, d'un sa ate niya. Mga two months siya doon."

"T-teka, paano na 'yung comicbook project namin?" Naatasan sila ni Sunday ng publisher ng *LGP* na gumawa ng graphic novel ala-Japanese manga. Siya ang susulat ng story na horror ang theme at si Sunday naman ang guguhit. Six weeks from now dapat nila uumpisahan ang proyektong iyon.

"Oh, hindi pa pala nasasabi sa 'yo. Si Jao na ang magiging partner mo sa comicbook na 'yan."

"What?" bulalas niya. Halos lapirutin ng kanyang hintuturo ang pabalat ng libro niyang nakapatong sa mesa ni Marinette. "Hindi pa ba sapat na ebidensya sa inyo ang cover ng libro kong ito kung gaano kapangit mag-drawing ang Jao na 'yan?"

Dinampot nito ang libro niyang ang pamagat ay *All I Need is You* at tinitigan. "What's wrong? Guwapo naman si Keno," anito na ang tinutukoy ay ang kanyang hero sa librong iyon.

"Guwapo, oo. Dahil guwapo talaga ang pagkaka-describe ko sa kanya sa story. But take a look at the cover, Mar. Mukha siyang si Elvis Presley! Kulang na lang gitara at shades at puwede na siyang kumanta ng *Blue Suede Shoes*!"

Napahagalpak tuloy ng tawa ang editor. "O, guwapo naman si Pareng Elvis, ah!" Inilapag nito sa mesa ang libro.

"Well, hindi guwapo sa akin si Elvis and hell, that's not the point. Hindi ko ginawang kamukha ni Elvis si Keno ko!"

"Sabi mo kasi sa description, may sideburns si Keno."

Sabay pa sila ni Marinette na napatingin sa pinanggalingan ng baritonong boses na iyon.

It was a man in his mid to late twenties; tall, lean, not too dark. Kahit nakasimangot ito ay maningning pa rin ang mga mata, which she found so… astounding.

"Jao!" bulalas ni Marinette. "Kanina ka pa diyan?"

Tumaas ang isang kilay niya. So, ito pala ang hombreng maysala kung bakit nagmukhang Elvis impersonator si Keno niya. Hindi niya alam ang hilatsa ng pagmumukha ng Jao na ito. She added him as a contact in her *Twitter* dahil kabilang nga ito sa *LGP* family at ang headshot nito roon ay isang drawing ng lalaking anime character. In fairness, kamukha pala nito ang drawing na iyon. Parang talahib ang tayo-tayo nitong buhok. At guwapo.

Naglakad ito palapit sa mesa ni Marinette. "Tama ba ang narinig ko, nagrereklamo ka sa cover ng book na ito?" tanong nito sa kanya, sabay dampot sa libro niya.

Mataray siyang sumagot dito, "Sa ibang-iba ang hitsura niya diyan kesa sa description ko sa story, eh!" Hah! Walang guwapo-guwapo sa kanya!

"Look, ang bigay sa aking description sa cover concept ay malamlam ang mga mata, matangos ang ilong, semi-prominent ang jawline at may sideburns." Itinaas nito ang libro, inilapit sa mukha niya. "Tell me I did it wrong."

Halos maduling siya sa lapit ng libro sa kanyang mukha. Inagaw niya iyon. "Oo nga't sinabi kong may

sideburns siya, pero hindi naman kasing-haba ng kay Elvis!"

"Walang sinabi sa description kung gaano kahaba ang patilya ni Keno."

Aba't…! May guts pa itong makipagtalo sa kanya?

Si Tiara naman ang naglapit sa hawak niyang libro sa mukha nito. "Ang sabi ko sa description, *guwapo* si Keno. Sa tingin mo, guwapo siya dito?"

Humalukipkip ito. "Sabi ni Marinette guwapo siya."

"Guwapo naman siya talaga, Tiara," second-the-motion dito ng editor.

"At saka, bakit ba napakareklamadora mo?" ani Jao. "Sa susunod ay ikaw na kaya ang gumuhit ng cover ng books mo?"

May guts nga! "Hoy, Mama! Alam mo ba kung gaano kahirap ang bumuo ng isang story na masisira lang dahil sa cover?"

OC na kung OC siya sa kanyang obra. Sa ang motto niya bilang manunulat ay 'write as if it's your last book'. And, actually, ngayon lang naman siya nagreklamo tungkol sa pabalat ng published novel niya. Napamura talaga siya nang makita iyon sa

website ng *LGP*.

"May kasabihan na don't judge a book by its cover," nangingiting sabi ng lalaki.

"Well, sa romance books, hindi applied ang kasabihang iyan. Madaming readers ang nagsasaalang-alang sa cover ng isang libro. Paano sila maeengganyong damputin ang isang libro sa bookshelves ng mga bookstores kung chaka ang cover?"

"Kung pintasera sila kagaya mo, malamang hindi nga nila damputin."

Humihirit pa rin!

"Well, hindi ka lang marunong gumuhit!" Binalingan niya ang editor. "Mar, i-assign n'yo ang comicbook project sa ibang artist. Ayaw kong makatrabaho ang hombreng ito. Baka walang bumili, malugi pa ang kompanya!" Iyon lang at nag-walk out siya.

Napakunot ang noo ni Jao nang mabasa sa kanyang cellphone ang isang tweet ng isa sa mga contacts niya sa *Twitter*.

Bad day so far… encountered an arrogant beast.

Umusok ang ilong niya nang mapagsino ang source ng tweet na iyon. Si Tiara Arevalo.

Beast daw siya? "Nagsalita ang impakta," gigil na usal niya bago sumakay sa kanyang berdeng *Toyota Corolla*.

Ang lakas ng loob ng babaeng iyon na laitin ang artwork niya! Ano ang magagawa niya kundi sundin ang binigay sa kanyang cover concept? Sa tingin niya naman ay nasunod niya iyon nang maayos. And, hell, no. Hindi kamukha ni Elvis Presley si Keno! OA lang naman ang Tiara na iyon.

Pagdating niya sa bahay sa Cainta, Rizal ay pumasok siya sa kanyang art studio. Doon siya naglalagi halos maghapon magdamag, binubuno ang kabi-kabilang projects. As a freelance artist, marami siyang raket sa iba't ibang publications. Illustrator siya ng isang sikat na comic strip sa nangungunang broadsheet sa bansa at mga illustrated children's books at coloring books, cover artist siya sa tatlong major publishing companies sa Pilipinas na nagpa-publish ng mga iba't ibang klaseng pocketbooks. Nag-de-design din siya ng mga logos at banners, pati na mga tattoos.

He loved his life despite his solitude. Malaki ang bahay na ipinamana sa kanya ng mga magulang na

nasa Australia. Nag-ma-manage ang mga ito ng isang maliit na nursing home doon, kasama ang dalawa pa niyang nakatatandang kapatid. Ayaw niyang mag-migrate doon dahil mas ginusto niyang mamuhay sa Pilipinas at i-pursue ang career mula sa talento niya sa pagguhit. And so far, maganda naman ang kita niya dahil hindi siya nauubusan ng projects. Malaki na rin ang ipon niya. In fact, nagbabalak siyang bumili ng bagong kotse. Hindi niya lang mapalit-palitan ang kasalukuyang sasakyan niya dahil maraming magandang alaalang dala iyon sa kanya.

Kulang na lang asawa, natatawa niyang naisip.

Paano naman kaya siya magkakaasawa nito, wala nga siya kahit steady na date man lang. Ang huling naging seryosong pakikipagrelasyon niya ay three years ago. Nag-abroad sa England ang babae at hindi raw nito kaya ang long-distance relationship kaya nakipag-break sa kanya bago umalis ng bansa.

Napailing si Jao. Hindi ba dapat ay love should defy space and time? At payag siyang magsakripisyo para kay Romina kung kinakailangan. Pero ang babae ang tumanggi sa kanyang pag-ibig. Ilang beses siyang sumubok na i-pursue ito, ngunit matigas si Romina. And well, hindi siya ganoon kakulit at katanga so he let her go. Ayaw nito sa kanya, di huwag!

Nag-inat siya at naupo na sa kanyang swivel chair.

"What?" bulalas ni Tiara kay Marinette na kausap sa telepono. "Ano'ng problema?"

Rejected daw ang kanyang ipinasang manuscript.

Halos igapang pa naman niya iyon upang tapusin. What the hell?

"Medyo hindi consistent ang character development, Tiara. 'Tapos kulang pa sila sa pagpapakita ng emosyon. Clichéd na masyado ang conflict, pati ang twist. At hindi nabigyan ng emphasis ang romance sa kuwento."

Natahimik siya. What went wrong? Ano ang mali sa isinulat niya ngayon doon sa naunang limang approved manuscripts niya sa romance genre?

Gusto sana niyang magtanong pa sa editor, ngunit pinili niya ang magtikom ng bibig. Confrontational siyang tao at dahil doon, madami siyang nakakaaway nang di-oras. Ilang kaibigan na ba niya ang hindi na niya nakakausap ngayon dahil sa ugali niyang iyon? Pero masama bang magsabi ng opinyon? Ang ipagtanggol ang sa tingin niya ay tama?

But not with Marinette. And not right now. Kailangan niyang pairalin ang utak at magpakahinahon. Baka manganib pa ang career niya sa romance genre nang di-oras pag nauwi sila nito sa pag-aaway. Nakipagtalo na siya noon sa editor niya sa horror genre tungkol sa twist sa sinulat niyang story. Mabuti na lamang at mabait iyon at pasensyoso, hindi siya inaway.

Isa pa, wala siyang energy ngayon para makipag-Balagtasan. Tumawag ang kanyang papa sa probinsya, pinapauwi siya roon dahil mahina na raw masyado ang kanyang Lolo Mariano, ilang araw nang nakaratay sa kama at ayaw magpatakbo sa ospital.

Ayaw niyang isipin na papanaw na ang kanyang lolo. Mahal na mahal niya ito at lumaki siyang malapit dito. Kinukuwentuhan siya nito ng kung anu-anong kababalaghan. Napaka-effective na storyteller ng matanda kaya naman laging naninindig ang kanyang balahibo sa tuwing nagkukuwento ito sa kanya. Nakakatakot talaga ang mga kuwento nito tungkol sa mga tikbalang, tiktik, aswang, kapre, nuno sa punso at kung anu-ano pang mga lamang-lupa.

Pero interesado pa rin siya sa pakikinig. Maybe she just enjoyed being crept. Nabubuhay ang dugo niya sa katawan kung nakakarinig siya ng mga

kuwentong katatakutan. Kaya naman nahilig siya sa horror stories. Mga books ni Stephen King at Anne Rice ang binabasa niya. Paborito rin niyang movie director si Tim Burton dahil sa dark themes ng mga pelikula nito. Magtataka pa ba ang mga tao kung bakit kasalukuyang bestselling horror writer siya ngayon sa bansa?

"Tiara?" pukaw ni Marinette sa kanyang pananahimik.

"Uhm… yes. Okay, Mar. I gotta hang up na. Thank you sa pag-evaluate ng story ko. 'Bye."

Dismayadong ipinagpatuloy niya ang pagsusulat ng isang tinatapos niyang horror story sa kanyang laptop. Huling libro na iyon sa kanyang series na bumenta talaga sa mga tao. Nagpasya siyang tapusin ang kuwento bago siya luluwas ng probinsya. Ipu-proofread din niya mamaya ang katatapos niyang volume one ng *Devil's Realm*, ang para sa comicbook. At wala na talaga siyang kawala kahit maglupasay pa siya o maglunsad ng one-woman People Power sa harap ng building ng *LGP.* Si Jaworski Montalban na raw talaga ng guguhit ng comicbook. She would polish the story's captions and dialogues para pag ibinigay na niya iyon kay Jao, galit-galit na sila nito.

2

Bitbit ang isang backpack at malaking duffle bag ay lumuwas sa San Felipe si Tiara. Pagdating sa kanilang ancestral house ay ang gutom muna ang inasikaso niyang punan. Sangkatutak ang niluto ng kasambahay nila kaya naman nang matapos siyang makapananghalian ay bundat na siya at halos di makatayo sa upuan.

"Di ka pa rin nagbabago, Anak," sabi sa kanya ng papa niyang si Melencio. "Para ka pa ring construction worker kung lumamon. Nagtataka nga ako kung bakit hindi ka tumataba. May alaga ka yatang anaconda sa bodega mo."

Pinigil niya ang matawa, baka kasi lumabas ang kinain niya. Sayang ang effort ng paglamon niya. Aba, nakakapagod din kaya ang ngumuya at lumunok.

"Pa, pupunta din ba dito si Mama?" tanong niya na lang.

"Bakit naman siya kailangang pumunta dito?" sagot ng ama, biglang dumilim ang hilatsa ng mukha.

"Siyempre, father-in-law niya pa rin si Lolo. Hindi naman annulled ang marriage n'yo, eh."

Ilang taon na ring hiwalay ang mga magulang niya. Kaga-graduate niya lamang noon sa college nang magpasyang maghiwalay na ang mga ito ng landas. Pinamili siya kung sino ang sasamahan niya. She decided to live alone in an apartment in Manila. Nasa Tarlac ang kanyang ina, nagtuturo sa isang universidad doon. Ang kanyang papa ay nanatili sa kanilang bayan, nagtatrabaho ito sa munisipyo bilang agriculturist at tinutulungan ang amang mag-manage sa malawak na manggahan nito.

Nakalakhan niyang hindi magkasundo sa halos lahat ng bagay ang mga magulang. Nagtataka nga siya kung bakit nagpakasal ang mga ito in the first place. Magkaibang-magkaiba ang mga ito sa ugali, laging nagtatalo kahit sa maliliit na bagay gaya na lang sa kung ano ang panonoorin sa TV. Kung mayroon mang common denominator ang mga ito, iyon ay parehong matigas ang ulo. Na siya ring namana niya.

Nasaktan din siya nang maghiwalay ang mag-asawa. But it was not that she didn't see it coming. Alam na niya noon na sa hiwalayan din mauuwi ang lahat, nagtaka nga siya kung bakit pa pinatagal. But she learned to accept it all. Hindi siya nagtanim ng sama ng loob sa mga magulang niya kahit kelan.

"Okay, tatawagan ko siya bukas," sabi ng ama.

"O, kumusta ang buhay mo sa Manila? Akala ko pa naman, luluwas ka ditong may kasama nang nobyo."

Napangiwi si Tiara. Kahit kailan, hindi siya naging interesadong magkaroon ng boyfriend. Hindi niya alam kung bakit, hindi naman siya lesbian, but the male specie didn't interest her a bit. She even found romance to be an overrated crap. Tinawanan nga siya ng mama niya nang sumubok siyang magsulat ng romance stories. Ano raw ba ang nakain ng isang walang romansa sa katawan na kagaya niya para magsulat ng mga kuwentong romansa? Ni hindi nga siya palabasa ng mga iyon. Well, she liked challenges. At inaamin niyang isang malaking hamon sa isang manunulat na gaya niya ang lumabas sa comfort zone—ang magsulat ng ibang genre maliban sa kinasanayan.

And here she was, after five manuscripts of romance stories, bokya ang pang-anim. Pero hindi siya susuko.

"Alam n'yo namang wala akong balak mag-boyfriend, Pa, eh."

"Aba'y bakit naman?"

"Hmm… wala lang. I don't think it's something that I would want to do."

"Anak, hindi porque't naghiwalay kami ng mama mo ay doon din mauuwi ang marriage na papasukin mo."

"Pa, wala itong kinalaman sa hiwalayan n'yo ni Mama."

Akala pa rin pala ng parents niya ay bitter siya sa hiwalayan ng mga ito. She couldn't blame them on assuming, though. Marami na siyang kakilalang mga anak na naligaw ang landas dahil naghiwalay ang mga magulang. But she was different. She was her own person. Hindi ang nangyayari sa buhay ng mga tao sa kanyang paligid ang magiging basehan ng daan na gusto niyang tahakin sa mundo. Matigas ang ulo niya. Kung gusto niyang mag-detour, hell, yes, mag-de-detour siya!

Nang gumaan-gaan ang pakiramdam niya ay tumayo na siya mula sa mesa at nagtungo sa silid ng kanyang abuelo. Maingat niyang itinulak ang nakaawang na pinto. Nakahiga roon si Lolo Mariano, gising, nakatingin sa labas ng bintana, sa mapuputing ulap na lumulutang sa asul na kalangitan.

"Lolo," tawag niya rito bago siya lumapit.

Nakangiting nagpaling ito ng tingin."Tiara, apo ko," anito sa mahinang boses.

"Ako nga po!" nakangiting sabi niya at nagmano rito. "Ang nag-iisang tagapagmana ng di-maliparang uwak n'yong mga lupain," tumatawang sabi pa niya.

Nag-iisang anak ang kanyang ama, hindi na nasundan dahil nagkadiperensya sa matris ang kanyang Lola Esmeralda. Namatay ang matandang babae limang taon na rin ang lumipas, natural cause. At ngayon, gusto na yatang sumunod sa kabilang-buhay ang kanyang lolo. Naging malulungkutin na kasi ito mula nang lumisan ang kanyang abuela.

"Kumusta na po kayo?"

Marahan nitong ikinibit ang butuhang mga balikat. "Hindi na ako tatagal, nararamdaman ko. Nakita ko ang lola mo kagabi, parang sinusundo na ako."

"Lo, huwag ho naman kayong magsalita ng ganyan. Nilalagnat lang yata kayo, eh. Kung bakit ayaw n'yong magpapunta sa doktor."

"Gusto kong malagutan ng hininga dito sa bahay na ito, sa kamang ito kung saan kinuha ng Lumikha ang aking mahal na Esmeralda." Nagpilit itong bumangon. Inalalayan niya ito at pinasandal sa headboard ng kama. "Pakibuksan iyang drawer sa kanan mo, Hija," tila hirap na sabi nito.

Tumalima siya.

"Kunin mo iyang lata ng biscuit."

Isang luma at flat na bilog na lata ng biscuit ang kanyang inilabas mula sa drawer. Iniabot niya iyon sa abuelo. Binuksan nito ang lata at nabunyag sa kanya ang laman niyon. Mga lumang sulat na nakasilid pa sa mga sobreng nakapinid. Napansin niyang berde lahat ang kulay ng mga iyon.

Bumalatay ang lumbay sa mukha ng matanda. "Mga sulat ito ni Esmeralda para kay Teofilo."

Kumunot ang noo niya. "Teofilo?"

"Ang unang lalaking minahal ng iyong lola."

"Bakit ho nasa latang iyan ang mga sulat?"

Bumuntong-hininga ito. "Magkaibigan kami noon ni Esmeralda nang makilala niya si Teofilo Santos. Taga-Maynila ito, biyahero ng mga gulay at prutas at minsang napadpad dito dahil naligaw sa kalsada habang nagmamaneho ng delivery truck. Nakilala niya si Esmeralda na noo'y naglalakad sa tabi ng daan. Agad silang nagkagustuhan. Dalawang beses ding nagpunta dito sa San Felipe si Teofilo.

"At sa pagitan ng mga panahong iyon ay nagsulatan silang dalawa. Ikinukuwento sa akin lahat

ni Esmeralda ang kanilang pag-iibigan at ako'y labis na nanibugho. Lihim akong may pagtingin noon sa kanya at hindi naglakas-loob na magtapat agad. Isang araw ay nagkasakit si Esmeralda at naratay sa banig nang ilang linggo. Sumulat pa rin siya kay Teofilo at ipinahulog sa akin." Natigil ito sa pagkukuwento, tumingin sa labas ng bintana.

Siya naman ang napabuntong-hininga. "Hindi n'yo po inihulog ang sulat?"

Tumango ito. "H-hindi ko rin inihulog ang kasunod. At lagi akong nagpupunta noon sa postal office sa bayan upang kunin doon ang mga sulat ni Teofilo para sa iyong lola." Tumigil ulit ito.

"At hindi n'yo ibinigay kay Lola," mahinang sabi niya.

Bumuntong-hininga ito at nagpatuloy sa pagsasalaysay, "Nang gumaling si Esmeralda ay naging abala naman siya sa maliit na karinderyang ipinatayo ng kanyang pamilya. Nawalan siya ng oras na maghulog ng sulat. Ako ang nagprisintang gumawa n'un para sa kanya, pati na rin ang kumuha sa mga sulat ni Teofilo. Ngunit itinago ko lahat ng mga iyon para akalain ni Esmeralda na hindi na sumusulat sa kanya ang nobyo. Nakailang sulat din sila sa isa't isa at walang nakarating sa kanila dahil

sa aking kagagawan.

"Hanggang sa sumuko na rin si Esmeralda. Tumigil na rin sa pagsusulat sa kanya si Teofilo. Isang araw ay nakita ko siyang umiiyak sa karinderya. Doon ko sinamantala ang pagkakataon upang ipagtapat sa kanya ang matagal ko nang kinikimkim na pag-ibig. Ipinangako ko sa kanya ang kaligayahan, ang kaginhawaan. Nag-alay ako agad ng kasal at pumayag siya. Kahit naging panakip-butas lamang ako ay napakasaya ko noon."

"Hindi ho ba nagpunta dito si Teofilo?" naisipan niyang itanong.

"Ang huling ipinadala ng iyong lola sa kanya ay isang telegrama na nagsasabing ikakasal na kami. Nakarating iyon sa kanya at hindi na niya muling ginambala pa ang lola mo."

"Natuklasan po ba ni Lola ang ginawa n'yo?"

"Hindi. Hindi kailanman. Namatay siya bago ko naipagtapat sa kanya ang totoo. Isinama ko sa kanyang hukay ang mga sulat ni Teofilo."

"U-umibig din ho ba sa inyo si Lola?"

"Minahal din niya ako sa paglipas ng panahon. Ngunit alam kong hindi niya kinalimutan si Teofilo."

Katahimikan.

Pagkuwan ay lumuha ang matanda. "Napakasama ng ginawa ko. Nagsinungaling ako sa dalawang taong umiibig sa isa't isa. Niloko ko sila, pinigilan, at isiningit ang sarili ko sa kanilang pagitan. Napakadamot ko."

Hinawakan niya ang kamay nito. "Lolo, huwag n'yo pong sabihin 'yan," nakuha niyang sabihin. Though at the back of her mind, nagsusumigaw sa kanya ang katotohanang niloko ng kanyang abuelo ang dalawang taong nagmamahalan. Sinungaling at madamot ito! At hindi siya makapaniwalang makagagawa ito ng ganoon. Not him. Not her kind, honest grandfather…

Umiiyak na ito.

"Huwag na po kayong umiyak. Alam ko, hindi galit sa inyo si Lola. Minahal n'yo po siya't ibinigay ang lahat sa kanya," pang-aalo niya rito.

Kumalas na si Lolo Mariano sa kanya nang kumalma ito makaraan ang ilang saglit. "Tiara, Apo, meron akong huling kahilingan at ikaw ang gusto kong gumawa niyon."

"Sige po, gagawin ko po ang lahat para matupad iyon." *Huwag sanang hilinging mag-asawa ako,* dalangin niya sa isip.

"Gusto kong hanapin mo si Teofilo at ibigay mismo sa kanya ang mga sulat na ito." Iniabot nito sa kanya ang lata. "Sabihin mong humihingi ako ng tawad sa kanya."

Dumampot siya ng isang sulat mula roon. Sa Maynila naka-address iyon.

"Gagawin ko po, Lolo."

Laglag ang mga balikat ni Tiara na lumisan sa bahay sa nasabing address sa mga sulat kay Teofilo. Hindi na raw nakatira roon ang matanda, sabi ng may-ari ng bahay. Sa Batangas na raw ito naninirahan ngayon. Hanggang doon lang ang nakuha niyang impormasyon.

"Shit naman!" gigil na nausal niya sa desperasyon.

Hindi niya alam kung saang bayan o barangay nakatira mismo si Teofilo Santos. Siya pa naman ang taong may bad sense of direction. Kahit sa loob lang ng mall ay nawawala siya! At ngayon ay maghahanap siya ng nawawalang tao. At saka malay ba niya kung buhay pa ang Teofilo na iyon. Kaedad ito ng lolo at lola niya, malamang rest in peace na rin ito ngayon.

Pero hindi niya puwedeng baliin ang kanyang

pangako sa deathbed ng kanyang abuelo. Ipinangako niya rin iyon sa hukay nito habang inilalagak ang kabaong nito roon isang linggo na ang nakaraan. Napakabilis ng pangyayari. Parang hinintay lamang siyang makausap ng matanda bago ito pumanaw sa mundo. Nagisnan na lamang nila ito isang umaga na hindi na humihinga sa higaan nito.

Kaya oo. Hahanapin niya kahit saanmang sulok ng Pilipinas si Teofilo at ibibigay rito ang mga sulat ng Lola Esmeralda niya.

Ang unang naisip niyang gawin ay ang puntahan ang *COMELEC* office sa capitol ng Batangas. Sa tingin niya ay mas madaling maghanap ng address ng mga tao roon basta hindi panahon ng eleksyon kaysa sa *NSO* na laging puno ng mga kliyente. Suwerteng natagpuan niya roon ang hinahanap. Registered voter si Teofilo Santos. Naroroon ang address nito sa probinsya. Naisip nga rin niya, paano kung kapangalan lamang nito iyon? Bahala na, magbabakasakali siya alang-alang sa kanyang nasirang lolo.

Gabi na kaya tumuloy muna siya sa isang budget hotel. Pinilit niyang ayusin ang na-reject niyang manuscript, ngunit hindi siya makapag-concentrate. Masyado na niya yatang pini-pressure ang sarili niyang magsulat ng romance. Proofread and self-

editing ulit ang ginawa niya sa *Devil's Realm*.

Maaga siyang nag-check-out sa budget hotel at pinuntahan ang bayan ni Teofilo. Isang sakay sa bus, dalawang biyahe ng jeep at isang tricycle ang mga kinailangan niyang sakyan upang marating lamang ang nakuha niyang address sa *COMELEC*. Hindi pa niya kaagad nahanap ang paradahan ng unang jeep na sinakyan niya. Halos libutin niya ang buong downtown. Nagkakapaltos na tuloy ang mga daliri niya sa paa.

Anak ng tinapa naman, oo!

At patong-patong na kamalasan pa ang inabot niya. Narating nga niya ang nasabing address ni Teofilo, ngunit wala naman ito sa bahay. Ang isang anak nito ang naroroon. Nakatira na raw ang matanda sa Estrella mula nang mabiyudo ito, isang bayan iyon na malapit sa Norte.

Well, at least, alam niyang buhay pa ang taong hinahanap niya. At mayroon na siyang konkretong impormasyon tungkol sa kinaroroonan nito.

Halos hatinggabi na tuloy nang makabalik ng Maynila si Tiara. Pagal ang buo niyang katawan at nananakit ang mga paa niya. Nagluto siya ng sandamakmak na instant pancit canton at nilamon

iyon habang nagba-browse sa internet. Nagbukas siya ng email, sinagot ang mga comments ng kanyang avid readers sa blog niya, nag-check ng notifications sa *Facebook*, and lastly, binuksan ang *Twitter*.

So tired pero di pa ako antok ang inilagay niyang update sa account niyang iyon. Nang i-click niya ang ginawa niyang *Twitter* list ng *LGP* writers and staff ay napangiti siya at nabasang halos pareho sila ng tweet ni Jao sa mga sandaling iyon. *Tired but can't sleep.*

Nagulat pa siya nang mag-reply sa kanya ang lalaki.

Warm milk?

Sinagot niya naman ito, *Lactose intolerant ako.*

Laging nag-aalboroto ang tiyan niya kung naiinom o nakakain siya ng may halong dairy. Pero minsan, hindi rin siya nagpapapigil. Tumitira pa rin siya ng dairy foods and drinks kahit umaatikabong giyera sa bodega niya ang kasunod na eksena.

Are you writing?

Aba, may balak yatang makipagchikahan ang hombre! Naalala niya, nag-tweet pala ito sa kanya ng pakikiramay nang kamamatay ng kanyang lolo at i-announce niya iyon sa kanyang *Twitter*. Sinabi pa

nitong *I'm so sorry for your loss. If you need anything, please talk to me*. Pero isang simpleng *thank you* lang ang tugon niya.

No, just browsing the net. You? tugon niya.

Watching late night TV shows. Browsing channels, actually.

Nang mamataan niya ang libro niyang *All I Need Is You* sa mesa ay napangiwi siya. Halos ngumawa na naman siya nang makita ang kaawa-awang hilatsa ng mukha ni Keno. Bumalik tuloy ang inis niya sa gumuhit niyon.

I gotta try to sleep now. 'Night. paalam na niya.